

PAGBABAKUNA NG 5 HANGGANG 11 TAONG GULANG LABAN SA COVID-19

Kagamitan para sa mga magulang at pamilya upang suportahan ang kanilang paggawa ng desisyon, sa konteksto ng pagbabakuna ng 5-11 taong gulang laban sa COVID-19 sa Quebec

Tagalog

BUOD NG KAALAMANG PANG SIYENTIFIKA NA MAGAGAMIT

Ang COVID at ang mga batang 5 hanggang 11 taon gulang

- Ang mga problemang medikal na nauugnay sa COVID-19 para sa 5-11 taong gulang ay hindi malubha - Sa 35,000 na kaso mula noong magsimula ang pandemya sa Quebec, mayroong 52 na naospital at walang namamatay (data mula Okt. 16, 2021). Gayunpaman, ang mga 5-11 taong gulang ay ang pangkat ng edad na may pinakamaraming kaso sa bawat 100,000 tao sa ika 4 na paglaganap.
- Kadalasang sintomas – lagnat, ubo, pagkawala ng pang amoy, at pagkahapo
- Posibleng komplikasyon – kahirapan sa paghinga, pagkalito, pananakit ng dibdib
- Multisystem inflammatory syndrome sa mga bata (MIS) - Isang napakabihirang ngunit seryosong bunga ng COVID-19 na nangyayari ilang linggo pagkatapos ng impeksyon: ang immune reaction na ito ay umaatake sa mga organo (utak, bato, atay, balat, puso). Sa Canada, 6 na kaso na naospital sa bawat 100,000 bata ang naiulat (sa pagitan ng Marso 2020 at Mayo 2021).
- COVID-long - Hindi malinaw ang pagkakaroon ng matagal na COVID sa mga bata: 1 hanggang 4% ng mga bata na nagkaroon ng COVID-19 ay magkakaroon ng patuloy na mga sintomas na tugma sa mahabang COVID (pagkapagod, panghihina, pagkagambala sa pagtulog, hirap sa paghinga at pag-concentrate), ngunit walang ebidensya na ang mga sintomas na ito ay dahil sa COVID-19.
- Iba pang mga epekto sa mga bata - Ang pandemya at mga hakbang sa kalusugan ay nakakaapekto sa organisasyon ng paaralan, pamilya at mga ekstrakurikular na aktibidad at samakatuwid ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa kalusugan ng isip, pag-buo ng psychosocial at akademikong tagumpay ng ilang bata

Mga benepisyo ng pagbabakuna sa mga bata laban sa COVID-19

Kahit na ang mga problemang medikal na nauugnay sa COVID-19 sa mga 5-11 taong gulang ay hindi malala, ang pagbabakuna sa mga bata ay may ilang mga benepisyo:

- 90.7% na proteksyon ng mga bata laban sa sakit gamit ang Pfizer-BioNTech vaccine (Comirnaty)
- Nabawasan ang panganib na magkaroon ng malubhang anyo ng sakit ang bata, MIS (at posibleng pangmatagalang COVID)
- Nabawasan ang panganib na maipasa ng bata ang sakit, na nakakatulong na protektahan ang mga taong mahina, at nakakatulong na bawasan ang sirkulasyon ng bayrus sa komunidad at ang panganib ng bayrus na mag-mutate sa mga bagong uri
- Nabawasan ang panganib ng pagpapasa sa paaralan, na nagpapababa sa posibleng pagsasara ng klase at iba pang abala para sa mga bata, pamilya at paaralan
- Pinahusay na kalusugan ng isip at nabawasan ang pagkabalisa sa ilang bata at magulang
- Posibleng pagpapabuti sa pag-unlad at pag-aaral ng mga bata sa pamamagitan ng patuloy na pagpasok sa paaralan at pakikisalamuha

PAGBABAKUNA NG 5 HANGGANG 11 TAONG GULANG LABAN SA COVID-19

Dapat bang mabakunahan ang ilang bata nang higit kaysa sa iba?

Ang mga bata na immunosuppressed o may malalang kondisyon sa kalusugan ay may bahagyang mas malaking panganib ng malubhang impeksyon sa COVID-19, na maaaring maging partikular na kapaki-pakinabang sa kanilang pagbabakuna.

Dapat bang mabakunahan ang isang bata na nagkaroon na ng COVID-19?

Ang pagkakaroon ng sakit ay nakakabawas sa pagkakataong makakuha muli ng impeksyon, ngunit ang tagal ng proteksyong ito ay hindi tiyak. Inirerekomenda na magbigay ng dosis ng bakuna sa mga bata na nagkaroon na ng sakit (hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos magkaroon ng sakit) upang mapataas ang kanilang immune response at pahabain ang kanilang panahon ng proteksyon.

Mga posibleng epekto pagkatapos ng pagbabakuna

- Mga banayad na epekto sa loob ng 2-3 araw: pamumula, pananakit at pamamaga sa lugar ng iniksyon, mga glandula sa ilalim ng braso, mga sistematikong reaksiyon (lagnat, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan). Ang mga sistematikong reaksiyon ay mas kaunti sa pediatric na dosis na ibinigay sa 5-11 taon (10µg sa halip na 30µg).
- Sa loob ng 14 na araw, napakababa ng panganib ng myocarditis o pericarditis (pamamaga ng kalamnan o sobre ng puso, na may mga sintomas tulad ng pananakit ng dibdib, palpitations, igsi sa paghinga, pagkapagod, lagnat). Sa mga 12-17 taong gulang sa Quebec, 3 kaso ng myocarditis ang naiulat sa bawat 100,000 dosis ng bakuna, lalo na sa mga batang lalaki na 16-17 taong gulang pagkatapos ng ika-2 dosis. Ang mga kaso ay banayad at mahusay na tumugon sa paggamot at pahinga, at ang mga sintomas ay panandalian. Ang domestic data ay nagpapakita ng mas mababang panganib na may pagitan ng hindi bababa sa 8 linggo sa pagitan ng dalawang dosis.
- Sa 3,000 bata na may edad 5-11 taong nabakunahan sa panahon ng klinikal na pagaaral ng Pfizer-BioNTech, walang mga kaso ng myocarditis o pericarditis ang naiulat. Kahit na ang sample na ito ay masyadong maliit upang ibukod ang isang panganib, makatuwirang paniwalaan na ang panganib na ito ay mas mababa pa rin kaysa sa mga 12-17 taong gulang. Sa lahat ng kaso, nagpapatuloy ang malapit at patuloy na pagsubaybay sa mga side effect ng bakuna (pharmacovigilance).

Maaari bang magkaroon ng pangmatagalang epekto ng bakuna sa mga bata?

- Walang pag-aaral na nagpakita na ang anumang bakuna ay maaaring magkaroon ng mga side effect ilang taon pagkatapos maibigay. Ang mga side effect mula sa isang bakuna ay nangyayari ilang linggo o buwan pagkatapos mong makuha ito. Ang parehong inaasahan para sa mga bakuna ng mRNA.
- Ang teknolohiyang mRNA ay ginagamit na ng maraming taon sa medisina. Ito ay isang recipe na ibinigay sa ating mga katawan upang gumawa ng mga antibodies laban sa isang bayrus. Hindi binabago ng mRNA ang ating material na genetiko. Ang katawan ay nag-aalis ng mRNA sa loob ng ilang oras, na nag-iwan lamang ng mga antibodies na binuo ng katawan na handang labanan ang bayrus.
- Mula noong Disyembre 2020, daan-daang milyong mga bakuna sa mRNA ang naibigay at ang mga masamang reaksiyon ay mahigpit na sinusubaybayan.



PAGBABAKUNA NG 5 HANGGANG 11 TAONG GULANG LABAN SA COVID-19

MAG DESISYON KAUGNAY ANG PAGBABAKUNA NG IYONG ANAK

Paano gumawa ng tamang desisyon para sa iyong anak? Mga mungkahi :

UNA SA LAHAT

- Magtiwala na, bilang isang magulang, nais nating gumawa ng pinakamahusay na desisyon para sa kasalukuyan at hinaharap na kalusugan ng ating anak batay sa kaalaman na makukuha.
- Tanggapin na ang ating mga damdamin at ang ating personal, pamilya o lahatang mga karanasan sa pagbabakuna o sa sistema ng kalusugan ay maaaring makaimpluwensya sa ating desisyon at maging dahilan upang tayo ay kumuha ng ibang posisyon kumpara sa iba.
- Kilalanin na ang ating mga emosyon, posisyon at desisyon ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon.

MAGTANONG

- Gamitin ang pinakamaasahang mapagkukunan ng impormasyon na posible (tingnan ang mga mapagkukunan sa ibaba).
- Kung kinakailangan, makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa aming mga alalahanin.

TIMBANGIN ANG MGA MAGANDA AT DI MAGANDANG DULOT

- Bilang mga magulang, gumagawa kami ng pagsusuri sa mga kalamangan at kahinaan araw-araw bago gumawa ng desisyon para sa ating anak o sa ating pamilya, at walang pinagkaiba sa pagbabakuna sa ating anak laban sa COVID-19.
- Ang pag-unawa sa mga pakinabang at disbentaha na ito ay nag-iiba-iba mula sa magulang sa magulang at pamilya sa pamilya, at dapat nating igalang ang mga pagkakaibang ito na nauugnay sa lubhang magkakaibang pinagmulan, karanasan at kasaysayan ng pamilya.
- Mahalagang bigyan ng oras ang iyong sarili na magmuni-muni at igalang ang iyong ritmo.

PAG-USAPAN

- Talakayin ang ating mga alalahanin sa mga malapit sa atin, sa isang klima ng pagtitiwala at paggalang sa mga pagkakaiba.
- Sa kaso ng hindi pagkakasundo, makinig sa iba nang hindi sinusubukang kumbinsihin, huwag husgahan ang kanilang mga alalahanin o mga pagpipilian.
- Itaguyod ang mga buklod na nagbubuklod sa atin sa kabila ng ating mga hindi pagkakasundo. Mabubuhay tayo sa mga ito tulad ng ginagawa natin sa iba pang mga uri ng hindi pagkakasundo (pampulitika, linguistic, relihiyon, palakasan, musikal, atbp.).

MAGTUON SA ISANG KARANIWANG POSISYON SA PAGITAN NG MGA MAGULANG

- Pagyamanin ang diyalogo sa pagitan ng mga magulang ng parehong pamilya, at humingi ng tulong sa pamamagitan kung kinakailangan upang magkaroon ng isang karaniwang posisyon na magpoprotekta sa ating mga anak mula sa mga salungatan at mapangalagaan ang mga ugnayan ng pamilya.
- Kung hindi posible ang isang kasunduan, ipaliwanag sa ating anak na hindi pareho ang iniisip ng kanyang mga magulang ngunit pareho nilang mahal siya at gusto siyang mabuti. Kung mayroong hindi pagkakasundo, maaaring gawin ng korte ang desisyon, ngunit kadalasan ito ay napakasakit para sa bata na natagpuan ang kanyang sarili sa gitna ng tunggalian.

KAUSAPIN ANG ATING ANAK

- Kausapin ang ating anak tungkol sa papel ng mga bakuna sa paraang naaangkop sa edad (tingnan ang mga mapagkukunan sa ibaba).
- Tiyakin sa kanya na, bilang mga magulang, ginagawa natin ang desisyon na sa tingin natin ay pinakamabuti para sa kanya, kahit na iba ang desisyon ng ibang mga magulang.
- Pakinggan at bigyan ng katiyakan ang ating anak tungkol sa kanyang mga posibleng takot (takot na maipasa ang sakit, takot sa mga karayom o iniksyon, takot na masaktan, takot sa mga side effect ng bakuna, at kung sakaling ang desisyon ay hindi magpabakuna, takot ng hinuhusgahan o hindi kasama).
- Kung maaari, iparamdam sa ating anak na kasama sa desisyon ng pamilya.
- Kung pagbabakuna ang desisyon, at kung gusto ito ng bata, makipag-usap sa kanya tungkol sa mga paraan para mabawasan ang kanyang takot sa araw ng pagbabakuna (kasama ang isang kamag-anak o kaibigan, pinag-uusapan ang isang bagay na gusto niya, nagsasaya sa isang libro o ibang bagay, pumunta sa isang klinika kung saan mayroong pet therapy).

IRESPETO ANG PAGPILI NG IBANG PAMILYA

- Ang pagpili ng ibang mga magulang ay lehitimo at dapat na igalang tulad ng sa atin, kahit na ito ay iba sa atin at kung ito ay maaaring mag-alala o magagalit sa atin.
- Sa kabila ng mga posibleng hindi pagkakasundo, manatiling nagmamalasakit at makiramay, at unahin ang pagpapanatili ng mga relasyon.
- Ang iba't ibang posisyon sa paligid ng pagbabakuna ay maaaring humantong sa mga tensyon at magkaroon ng epekto sa mga bata (mga salungatan ng katapatan, damdamin ng pagbubukod, pananakot, katahimikan, stigma, pagkawala ng pagkakaibigan). Mahalagang protektahan ang mga bata mula sa mga posibleng tensyon na ito sa pamamagitan ng hindi pagkuha ng isang categoryang posisyon sa pagbabakuna, sa pamamagitan ng hindi pagkakaroon ng moralidad o pagkakasala na diskurso, at sa pamamagitan ng paggalang sa anumang pagpipilian ng magulang.

PAGBABAKUNA NG 5 HANGGANG 11 TAONG GULANG LABAN SA COVID-19

MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA BATA TUNGKOL SA PAGBABAKUNA LABAN SA COVID-19

Mga videos

Squat Télé-Québec, *Le vaccin à ARN messenger*
<https://squat.telequebec.tv/videos/13712>

Squat Télé-Québec, *La peur des vaccins*
<https://squat.telequebec.tv/videos/13658>

Les guerriers de l'immunité, BD développée par Dr. Wilson, Ottawa
https://daks2k3a4ib2z.cloudfront.net/590b8e49d2de1d32ccaefb53/59c12b021de2e0000153471f_immunity_warriors_french-compressed.pdf

For younger kids: Just a Vaccine, by Southern Ohio Medical Center
<https://www.youtube.com/watch?v=aiXDWFBJ7I>

Valiant Vaccine Versus the Vicious Virus, by Dr. Dery and Dr. Griggs
<https://www.youtube.com/watch?v=VQiESFpg65g>

Tanong-kasagutan

Les Débrouillards, *bakuna laban sa COVID-19: sasagutin namin ang iyong mga tanong*
<https://www.lesdebrouillards.com/quoi-de-neuf/vaccination-des-enfants-contre-la-covid-19-on-repond-a-vos-questions/>

Institut national de santé publique du Québec (INSPQ), *Bakuna laban sa COVID-19 para sa mga batang 5-11 taong gulang sa Quebec. Tanong-kasagutan* <https://www.inspq.qc.ca/covid-19/vaccination/5-11ans>

Doctor Answers Kids' Questions about COVID Vaccine, CBC Kids
<https://www.cbc.ca/kidsnews/post/watch-doctor-answers-questions-about-covid-19-vaccine-for-kids-under-12> (video)

How to Handle Your Shots Like a Champ, by Kids boost immunity
<https://kidsboostimmunity.com/champ> (info and video)

COVID-19 Vaccine FAQ (5-11 year-olds), Sick Kids Hospital, Toronto
<https://www.aboutkidshealth.ca/Article?contentid=4001&language=English>

GUMAWA NG APPOINTMENT

Ang bakuna laban sa COVID-19 ay libre at para sa lahat, kahit anong estado, mayroon o walang kard ng RAMQ. Ang mga bata na 5 hanggang 11 taong gulang ay maaaring mabakunahan sa klinika ng pagbabakuna (mayroon o walang appointment), o sa iskwelahan.

Kung mayroon kang katanungan tungkol sa pagbabakuna ng 5 hanggang 11 taon, bumisita sa:

quebec.ca/vaccinjeune

Para magpa-appointment, pumunta sa Portal ng

portal3.clicsante.ca

o tumawag sa

1 877 644-4545